



PATNUBAY SA MISA



6 Enero 2019

Dakilang Kapistahan ng Pagpapakita ng Panginoon

Taon K

Ang Tamang Pagtanggap sa Pagpapakita ng Panginoon

Ang Dakilang Kapistahang ipinagdiriwang natin ngayon ay tinatawag na “Epiphaneia” (Epipaniya). Ang Pasko ng Pagsilang ng Panginoon ay nakaugat sa kaugalian sa Kanluran at nagsimula sa Roma.

Ang Epipaniya naman ay nakaugat sa kaugalian sa Silangan at nagsimula sa Alexandria ng Egipto. Kapag ang haring hindi madalas lumabas ng kanyang palasyo ay nagpakita sa mga tao, ito ay epipaniya. Kapag ang Diyos na di nakikita ay nagpakita sa mga tao, ito ay Epipaniya. Kaya ang pinakamalapit na salin sa salitang Epiphaneia ay Pagpapakita. Ang ipinagdiriwang natin ay ang pagpapakita ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ni Hesukristo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Narito at dumarating ang Poong D'yos, Hari natin. Paghaharing walang maliw, kapangyarihang magiliw ay lagi n'yang tataglayin.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong nagpakita sa atin ng kadakilaan ng Diyos, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Nagsasaya tayo sa pagpapakita ng Panginoong Hesus at sa kan-

yang pagpapamalas ng kadakilaan ng Diyos. Pagsisihan natin ang ating mga maling pagtanggap sa pagpapakita niya sa atin. (*Manahimik sandali.*)

P– Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong pagpapakita sa aming araw-araw na buhay, Panginoon, kaawaan mo kami.

B– **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P– Para sa aming kahinaan ng pag-asa sa biyayang dala ng iyong pagpapakita sa amin, Kristo, kaawaan mo kami.

B– **Kristo, kaawaan mo kami!**

P– Para sa aming kakulangan ng pagmamahal na siyang tamang pagtanggap sa iyong pagpapakita sa amin, Panginoon, kaawaan mo kami.

B– **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P– Kaawaan tayo ng makapang-

yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tang-

gapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ipinahayag mo ang iyong Anak sa mga bansang pinatnubayan ng talang maliwanag. Kaming mga sumasamba nang may pananampalataya ay loobin mong maitaguyod hanggang makaharap sa iyong kadakilaan sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 60:1-6*
Ang Dakilang Kapistahan ng Pagpapakita ng Panginoon ay isang pagdiriwang ng liwanag. Ipinahahayag ni Propeta Isaias na sa pagpapakita ng Panginoon ay mapupuspos ng liwanag ang buhay ng mga tao, lalo na ang mga nasasadlak sa dilim. Mapawi sana ang lambong na bumabalot sa ating buhay ng liwanag ni Kristo.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Bumangon ka, Jerusalem, at magliwanag na tulad ng araw.

Nililiwanagan ka ng kaningningan ng Panginoon. Mababalot ng dilim ang ibang mga bansa; ngunit ikaw ay liliwanagan ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang kaningningan. Sa ningning ng iyong taglay na liwanag, yaong mga bansa, sampu ng mga hari'y lalapit na kusa.

Tumingin ka sa paligid at tingnan mo ang nagaganap. Ang mga anak mo'y nagtitipon na upang umuwi. Ang mga lalaki'y magmumula sa malayo, ang mga babae'y kargang tila mga bata. Ang tanawing ito kung iyong mamalas, ikaw ay sigisla, sa iyong damdami'y pawang kagalakan yaong madarama; pagka't ang yaman niyong karagata'y iyong matatamo, at ang kayamanan ng maraming bansa ay makakamtan mo. Maraming pangkat

na nakasakay sa kamelyo ang darating mula sa Madian at Efa. At sa Seba nama'y darating silang may taglay na mga ginto at kamanyang. Ihahayag ng mga tao ang magandang balita tungkol sa ginawa ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 71*

B –*Poon, maglilingkod sa 'yo ta-nang bansa nitong mundo!*

R. M. Velez

Em Am7 Em
Po-on, mag-li-ling-kod sa 'yo
Am B7 Em
ta-nang bansa ni-tong mun-do!

* Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran, sa taglay mong kata-rungan, O Diyos, siya'y bahaginan; upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan, at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay. **B.**

* Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan, madama ng bansa niya at umunlad habang buhay. Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak, mula sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat. **B.**

* Mga haring nasa pulo at naroon sa Espanya, maghahandog ng kaloob, ihahain din sa kanya pati yaong mga hari ng Arabia at Etiopia, may mga kaloob ding taglay nilang alaala. Ang lahat ng mga hari, gagalang sa harap niya, mga bansa'y magpu-puri't maglilingkod sa tuwina. **B.**

* Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag, lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap; sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag, sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ef 3:2-3.5-6*

Ang liham na ito ay nagpapahayag ng kadakilaan ng Simbahan, ang Bagong Bayan ng Diyos, ang Esposa ng Kordero ng Diyos. Ang Simbahan ay ang kabuuan ng mga Hudyo at mga Hentil na sumasampalataya kay Kristo. Sa kanila ibinubunyag ng Diyos ang Kanyang dakilang balak na kaligtasan para sa sandaigdig.

L –Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid: Marahil naman, nabalitaan na ninyong dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay ipinagkatiwala niya sa akin ang tungkuling ito para sa inyong kapakinabangan. Ipinahayag sa akin ng Diyos ang kanyang lihim na panukala. Ang hiwagang ito'y hindi ipinaalam sa mga tao noong mga nakaraang panahon, ngunit inihayag ngayon ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu, sa kanyang mga banal na apostol at mga propeta. At ito ang lihim: sa pamamagitan ng Mabuting Balita, ang mga Hentil, tulad din ng mga Judio, ay may bahagi sa mga pagpapalang mula sa Diyos; mga bahagi rin sila ng iisang katawan at kahati sa pangako ng Diyos dahil kay Kristo Hesus.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Mt 2:2

B – Aleluya! Aleluya!

Ang tala'y aming nakita kay-ya't kami'y nagsipunta upang sa Poon sumamba.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita

Mt 2:1-12

Umiikot ang paglalahad ni Mateo ng kamusmusan ni Hesus sa limang sipi galing sa Lumang Tipan. Ang sipi ng ating Ebanghelyo ay tumatalakay sa ikalawa – ang tungkol sa Betlehem kung saan isisilang ang Mesias. Bilang Anak ni David, dapat lamang na sa Bayan ni David siya isilang.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Si Hesus ay ipinanganak sa Betlehem ng Judea noong kapanahunan ni Haring Herodes. Dumating naman sa Jerusalem ang ilang Pantas mula sa Silangan at nagtanung-tanong doon: “Nasaan ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin sa Silangan ang kanyang tala at naporito kami upang sambahin siya.”

Nang mabalitaan ito ni Haring Herodes, siya'y naligalig, gayon din ang buong Jerusalem. Kaya't tinipon niya ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba sa Israel at itinanong sa kanila kung saan ipinanganak ang Mesiyas. “Sa Betlehem po ng Judea,” tugon nila. “Ganito ang sinulat ng propeta:

'At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi nga huli sa mga pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo lilitaw ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayang Israel."

Nang mabatid ito, lihim na ipinatawag ni Herodes ang mga Pantas at itinanong kung kailan lumitaw ang tala. At pinalakad niya sila patungong Betlehem matapos pagbibilinan ng ganito: "Humayo kayo at inyong hanaping mabuti ang sanggol. Kapag inyong natagpuan, ibalita agad ninyo sa akin upang ako ma'y makasamba sa kanya." At lumakad na nga ang mga Pantas. Muli silang pinangunahan ng talang nakita nila sa Silangan hanggang sa sumapit ito sa tapat ng kinaroroonan ng bata. Gayon na lamang ang galak ng mga Pantas nang makita ang tala! Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ng kanyang inang si Maria. Lumapit sila at nagpatirapa at sinamba ang bata. Binuksan nila ang kanilang mga sisidlan at inihandog sa kanya ang dala nilang ginto, kamanyang at mira.

Nang sila'y pabalik na, sinabi sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng panaginip na huwag na silang babalik kay Herodes. Kaya, nag-iba na sila ng daan pauwi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan,

sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Inaasam nating magpakita sa atin ang Panginoon. Puno ng panabik na siya ay ating makatagpo at mabigyan ng ating mga handog ating sasambitin:

B – O Amang nagpakita sa pamamagitan ni Hesus, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang tulungan nila ang lahat na maipamalas ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang magandang buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maging masigasig silang makatagpo ang Diyos at maipakita Siya sa kanilang kapwa kabataan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang matularan nila ang mga Pantas na masugid na naghanap sa Dakilang Haring siyang magdadala ng kaayusan sa ating bayan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong naghahanap sa Diyos sa kanilang buhay, upang makatagpo nila Siya at mapaghandugan ng kanilang mga piling regalo, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito ng Dakilang Kapistahan ng Pagpakita ng Panginoon, upang ating kilalanin si Hesus na ating Hari, Pari, at Manunubos na magliligtas sa atin sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)
Manalangin tayo! **B.**

P– Ama naming puno ng kaluwalhatian, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang tulungan kaming tanggapin si Hesus na aming Hari at mabigyan siya ng ginto ng aming pagsuko, tanggapin siya bilang aming Dakilang Pari at mabigyan siya

ng kamanyang ng aming taimtim na panalangin, at tanggapin siya bilang Manunubos at mahandugan siya ng mira ng aming pagpapakasakit at pagbabagong-buhay. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong Iyong Anak at aming Panginoon.

P–Amen!



P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, tung-hayan mo ang mga alay ng iyong sambayanan na hindi na ginto, mira at insenso ang tinataglay kundi ang inilalahad, inihahain at pinagsasaluhang si Hesukristo kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa katauhan ng iyong isinugong Mesiyas, nahayag sa amin ang katuparan ng iyong balak. Ngayon nga'y iyong ipinakikita sa tanan ang liwanag na tumatanglaw sa sangkatauhan. Sa pagpapahayag ng Anak mong ginigiliw na siya ay hindi naiiba sa amin, minarapat mong sa pagkatao nami'y magningning ang karikitan ng kadakilaan niyang di magma-maliw.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin. . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito ang Panginoong Hesus, ang liwanag ng lahat ng mga bansa. Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako kara-

pat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Nakita nami’t natanaw ang tala n’ya sa silangan kaya’t kami ay naglakbay upang aming mahandugan ng alay ang Poong mahal.

Panalangin Pagkapakinaabang

P– Ama naming mapagmahal, pangunahan mo kaming lagi sa iyong liwanag upang ang niloob mong aming pinagsaluhan ay mapakinaabangan namin nang marapat at lubusan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas.

(Tumahimik sandali.)

Buhat sa dilim, tinawag kayo ng Diyos sa Kanyang liwanag. Nawa malasap ninyo ang Kanyang kabaitan at tumatag nawa kayo sa inyong pananalig, pag-asa, at pag-ibig.

B– Amen!

P– Sinundan ng mga Pantas ang tala at natagpuan nila si Kristong liwanag na buhat sa liwanag. Bilang mga tagasunod ni Kristo, nawa gawin niya kayong ilaw ng inyong kapwa.

B– Amen!

P– Matulad nawa kayo sa patuloy na pananalig at pagkabukas-palad ng mga Pantas at pagpalain kayo ng presensiya ng Panginoon.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang ipamahagi ang liwanag at pag-ibig ng Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

Ang Tamang Pagtanggap sa Pagpapakita ng Panginoon

ANG MGA ANGKOP NA HANDOG SA PANGINOON

Ang pag-iisip ng tamang regalo ay laging mahirap. Tama siya kapag angkop sa nagbibigay, bagay sa pagbibigyan, at nakakatuwa sa lahat. Halimbawa, ang handog na damit ay dapat tama ang sukat, ang kulay, at ang tabas. Kapag nagmukhang suman ang pinagbigyan dahil sa napakasikip na suot, kapag nangitim nang tunay ang pinagbiyan dahil sa kulay ng tela, at naglabasan ang lahat ng bilbil at kulubot dahil sa tabas, ay hindi tama at hindi maganda ang naibigay na damit.

Ang mga Pantas galing sa Silangan ay naghandog kay Hesus ng ginto, kamanyang, at mira – mga handog na angkop at bagay na bagay. Ang ginto ay para sa hari. “Dinalaw mo siya, na ang iyong taglay ay gintong korona, iyong pinagpala’t pinutungan siya” (Salmo 21:3). Sa pagbibigay nito kay Hesus ay kanilang kinilala siya bilang Hari ng sanlibutan. Tinanggap din nila si Hesus na Hari ng kanilang buong pagkatao. Dahil dito ang ginto ay naging sagisag ng pagsuko ng sarili kay Hesus upang siya ang maging Haring sumasakop sa kanilang buong sarili. Lahat ng iniisip, lahat ng binabalak, lahat ng nararamdaman, at lahat ng ginagawa ay para kay Hesus.

Ang kamanyang naman ay ginagamit ng mga pari sa paglilingkod sa Diyos sa Templo. “Sila ang magsusuob sa iyo ng kamanyang, maghahandog ng hain sa harap ng

altar” (Deuteronomio 33:10). Ang kamanyang ay pabangong tuyong kailangang ilagay sa baga upang malanghap ang kabanguhan. Ang pagbibigay ng kamanyang kay Hesus ng mga Pantas ay sagisag ng kanilang pagkilala sa kaniya bilang Dakilang Paring namamagitan sa Diyos at sa tao. Ngunit ang kamanyang o insenso ay sagisag din ng panalangin. “Ang aking dalangin sana’y tanggapin mo, masarap na samyong handog na insenso” (Salmo 141:2). Ang pinakadakilang paglilingkod ng mga pari ay nasa kanilang taimtim na panalangin. Subalit may isang katotohanan pa ring sinasagisag ang kamanyang. Ito ay iniaalay sa Diyos. Ang pagbibigay kay Hesus ng kamanyang ay paniniwalang si Hesus ay tunay na Diyos.

Ang mira ay mapait na pabangong ipinapahid sa bangkay upang hindi kaagad ito maagnas. Tanda ito ng magaganap kay Hesus. Siya ay mamamatay, ngunit hindi maaagnas ang kanyang katawan dahil sa siya ay muling mabubuhay sa ikatlong araw. Ang mira ay handog sa mamamatay sa krus at muling mabubuhay para sa ating kaligtasan. Ito ay tanda ng pananampalataya sa Misteryo ng ating kaligtasan.

Subalit higit sa tatlong handog na ito ay may ibinigay pa ang mga Pantas kay Hesus. “Nag-iba na sila ng daan pauwi” (Mateo 2:12). Ang sinumang makatagpo kay Hesus ay hindi bumabalik sa dating buhay. Siya ay talagang nagbabagong-buhay – nag-iiba siya ng daan pauwi!



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldúa